




Ang mga saging ni Lola
Les bananes de grand-mère



✎ Ursula Natula
👤 Catherine Groenewald
📧 Karla Comanda
🗨️ Tagalog / French
📖 Level 4

(imageless edition)



Storybooks Canada

storybookscanada.ca

Ang mga saging ni Lola / Les bananes de
grand-mère


Written by: Ursula Natula

Illustrated by: Catherine Groenewald

Translated by: (tl) Karla Comanda, (fr) Isabelle

Duston, Veronique Biddau


This story originates from the African Storybook
(africanstorybook.org) and is brought to you by
Storybooks Canada in an effort to provide
children's stories in Canada's many languages.



This work is licensed under a Creative Commons

[Attribution 3.0 International License.](https://creativecommons.org/licenses/by/3.0)


<https://creativecommons.org/licenses/by/3.0>



Puno ng batad, dawa, at kamoteng-kahoy ang kahanga-hangang hardin ni Lola. Pero natatangi ang kanyang mga saging. Hindi man niya ito sabihin, alam kong ako ang paboritong apo ni Lola kahit na marami siyang apo. Madalas niya akong inaanyayahan sa kanyang buhay. Marami siyang ibinihaging maliliit na sikreto sa akin. Pero mayroon siyang isang sikretong hindi ibinahagi sa akin: kung saan siya nagpapahinog ng mga saging.

...


Le jardin de grand-mère était merveilleux – plein de sorgho, de millet et de manioc. Mais le meilleur de tout, c'était les bananes. Bien que grand-mère avait beaucoup de petits-enfants, je savais que secrètement j'étais sa préférée. Elle m'invitait souvent dans sa maison. Elle partageait avec moi ses petits secrets. Mais il y avait une chose qu'elle gardait secrète : L'endroit où elle faisait murir les bananes.



Kinagabihan, tinawag ako ni Nanay, Tatay, at ni Lola. Alam ko kung bakit. Sa pagtulog ko, alam kong hindi na ako magnanakaw muli, hindi kay Lola, hindi sa aking mga magulang, at siguradong hindi kaninuman.

...


Plus tard ce soir-là, ma mère, mon père et grand-mère m'ont appelée. Je savais pourquoi. Cette nuit là quand je me suis couchée, je savais que je ne pourrai plus jamais voler, ni ma grand-mère, ni mes parents, ni qui que ce soit d'autres.



Isang araw, may nakita akong dayaming basket na inaarawan sa labas ng bahay ni Lola. Nang tinanong ko siya kung para saan iyon, ang tangling sagot na nakuha ko ay, "Iyan ang aking mahiwagang basket." Sa tabi ng basket ay mga dahon ng saging na paminsan-minsan ay binabaliktad ni lola. Nag-usisa ako. "Para saan ang mga dahon, Lola?" tanong ko. Ang tangling sagot na nakuha ko ay, "Iyan ang aking mga mahiwagang dahon."

...

Un jour, je vis un grand panier de paille placé au soleil devant la maison de grand-mère. Quand je lui ai demandé à quoi il servait, pour seule réponse, elle me dit : « C'est mon panier magique. » À côté du panier, il y avait plusieurs feuilles de bananier que grand-mère retourneait de temps en temps. J'étais curieuse. « À quoi servent ces feuilles, grand-mère ? » demandai-je. Mais pour seule réponse, elle me dit : « Ce sont mes feuilles magiques. »



Maagang gumising si Lola kinabukasan para magtinda sa palengke. Lagi niyang dala ang mga hinog na saging at kamoteng-kahoy para itinda doon. Hindi ako nagmadaling dalawin siya noong araw na iyon. Pero hindi ko na siya maaaring iwasan pa.

...


Le lendemain, c'était le jour du marché. Grand-mère se réveilla très tôt. Elle prenait toujours du manioc et des bananes mûres pour les vendre sur le marché. Ce jour-là, je ne me suis pas dépêchée pour aller lui rendre visite. Mais je n'allais pas pouvoir l'éviter bien longtemps.



Nakakawiling panoorin si Lola, ang mga saging, ang mga dahon nito, at ang malaking dayaming basket. Pero may ipinabilin sa akin si Lola para kay Nanay. “Lola, sige na ho, hayaan ninyo ho akong panoorin kayong maghanda...” “Huwag matigas ang ulo, apo, gawin mo na lang ang sinabi ko,” pilit niya. Tumakbo ako paalis.

...


C’était fascinant de regarder grand-mère, les bananes, les feuilles de bananier et le grand panier de paille. Mais grand-mère m’envoya retrouver maman pour aller chercher quelque-chose. « Grand-mère, s’il te plaît, laisse-moi regarder ce que tu prépares... » Ne sois pas têtue, petite, fais ce que je te demande » insista-t-elle. Je partis donc en courant.



Kinabukasan, nang namimitas ng gulay si Lola sa bakuran, pumuslit ako sa kuwarto at sinilip ang mga saging. Hindi ko mapigilan ang sarili ko na kumupit ng isang kumpol ng apat na saging. Habang lumalakad ako ng patiyad palabas ng pinto, narinig ko ang ubo ni Lola sa labas. Itinago ko ang mga saging habang naglalakad, hanggang sa malampasan ko siya.

...


Le lendemain, alors que grand-mère était dans le jardin en train de ramasser des légumes, je me suis glissée dans sa chambre pour regarder les bananes. Elles étaient presque toutes mûres. Je n’ai pas pu résister, et pris quatre autres bananes. Alors que je marchais sur la pointe des pieds vers la porte, j’entendis grand-mère tousser dehors. J’eus juste le temps de cacher les bananes sous ma robe avant de passer devant elle en m’éloignant.



Nang bumalik ako, nakapupo si Lola sa labas pero wala ang basket o ang mga saging. "Lola, nasaaan po ang basket, ang mga saging, at nasaaan po ang..." "Pero ang tanging sagot niya ay, "Nandoon sa aking mahiwagang taguan." Nalungkot ako!

...

A mon retour, grand-mère était assise dehors, mais il n'y avait plus ni panier, ni bananes. « Grand-mère, où est le panier, où sont toutes les bananes, et où est ... » Mais pour seule réponse, elle me dit : « Ils sont dans mon lieu magique. » J'étais très déçue.



Sumunod na araw, nang dumalaw si Lola kay Nanay, nagmadali akong pumunta sa kanyang bahay para tingnan ulit ang mga saging. Mayroong isang kumpol na napakahinog. Kumuha ako ng isa at itinago ito sa aking bestida. Matapos takpan ang basket, nagtungo ako sa likod ng bahay at kinain ito. Iyon ang pinakamatamis na saging na aking natikman.

...


Le lendemain, lorsque grand-mère est venue rendre visite à maman, je me suis précipitée chez elle pour regarder les bananes une fois de plus. Il y en avait plusieurs, qui étaient déjà très mûres. J'en pris une, que je cachai sous ma robe. Après avoir recouvert le panier, je me rendis derrière la maison pour la manger en vitesse. C'était la banane la plus douce que je n'avais jamais goûtée.



Makalipas ang dalawang araw, inutusan ako ni Lola na kunin ang kanyang tungkod mula sa kanyang silid-tulugan. Bumungad sa akin ang mabangong amoy ng mga nahihinog na saging sa oras na buksan ko ang pinto. Sa looban nito ay ang malaki at mahiwagang dayaming basket ni Lola. Nakatago ito sa isang lumang kumot. Iniangat ko ito at sininghot ang mabangong amoy nito.

...

Deux jours plus tard, grand-mère m'envoya dans sa chambre chercher son bâton de marche. Dès que j'ouvris la porte, je fus accueilli par une forte odeur de bananes mures. Au milieu de la pièce, se trouvait le grand panier magique de grand-mère. Il était bien caché sous une vieille couverture. Je la soulevai et reniflai cette odeur extraordinaire.



Ginulantang ako ng boses ni Lola nang tumawag siya, "Ano'ng ginagawa mo? Dalian mo na't kunin ang aking tungkod." Dali-dali kong dinala ang kanyang tungkod. "Ano'ng nginingiti mo diyan?" tanong ni Lola. Napagtanto ko sa kanyang tanong na nakangiti pa rin ako dahil sa pagkakatuklas ko sa kanyang mahiwagang taguan.

...

La voix de grand-mère me fit sursauter quand elle appela, « Que fais-tu ? Dépêche-toi de m'apporter mon bâton ». Je me suis alors précipitée avec sa canne. « Qu'est-ce qui te fait sourire ? » demanda grand-mère. Sa question me fit réaliser que je souriais encore en pensant à la découverte de son lieu magique.